Magasin ng BAG...
Linggo, Agosto 2...

INDEXED

*Buong karangalang inihahandog ng*

BENITO BROS. PICTURES

**ANG MADULANG PELIKULA NG 1951**

# "Isinanlang Pag-ibig"

**(Isinapelikula buhat sa "SA KUKO NG LAWIN" ni Cirio Galvez Almario na yugto-yugtong nalathala sa Lingguhang Bulaklak)**

**ISANG PILIPINA LAMANG ANG MAKAIIBIG NANG BUONG WAGAS, BUONG TAIMTIM, NGUNI'T MAAARING MAPOOT NANG BUONG KABANGISAN'**



MGA BITUIN:

- ***FRED MONTILLA***
- ***ERLINDA CORTEZ***
- ***LYDIA MONTAÑEZ***
- ***JOSE VILLAFRANCA***
- ***ROSA AGUIRRE***

Namahala:
**DOMINGO PRINCIPE**

**JESUS CARREON**
Tagapangasiwa

**BENJAMIN A. BENITO**
Namamahala sa produksiyo

**MARIO A. BENITO**
Tagapagpaganap

# LIFE - Agosto 29 hanggang Sept. 7

..DAGAN ANG MAMAMAYANG
..OLISA NG PHILIPPINE




☐ Sapagka't ang mga pisong primang inilagak sa amin ay pinanagutang inimpok at kalinga sa mga naghahawak ng polisa at sa kanilang mga minamahal.

☐ Sapagka't ang mga pisong primang inilagak sa amin ay ginagamit sa patuloy na pagpapaunlad sa kabuhayan at sa Pilipinas, dahil dito, ang bawa't naghahawak ng polisa ay katulong sa pagpapaunlad sa bansang ito.

☐ Sapagka't ang aming mga polisa ay nilikhang tumutugon sa lahat ng pangangailangan ng isang mamamayan at may kalakip na ganap na pinakamabuting paglilingkod na maaari naming ihandog.

**Halaga ng may bisa na Pagpapaseguro sa buhay**

| | |
|---|---|
| 1948 . . . . . | P 86,317,760 |
| 1949 . . . . . . | 142,674,760 |
| 1950 . . . . . | 211,980,058 |
| 1951 . . . . | 234,921,825 |

——Hangga noong Hulyo 31, 1951

**The PHILIPPINE AMERICAN LIFE INSURANCE COMPANY**

EARL CARROLL — President

MGA SANGAY: Lingayen ✣ San Fernando ✣ Batangas ✣ Legaspi ✣ Cebu ✣ Iloilo ✣ Bacolod ✣ Dumaguete ✣ Zamboanga ✣ Davao

## Sa Kombensiyon Ng Mga Liberal



Nang nagsasalita si Espiker Eugenio Perez bago ipininid ang pambansang kombensiyon ng Lapiang Liberal sa pagpili ng mga kandidato opisyal sa pagka-senador. Sa kombensiyong ito'y nagkaroon ng mga di pagkakaunawaan, at nanguna ang naging Kongresista Jose Topacio Nueno sa paglalahad ng mga tutol at di kasiyahan sa umano'y kawalan ng katarungan sa ginawang paghirang ng mga kandidato.



Sina Konsehal Segundo Agustin, Alkalde Manuel de la Fuente at Komisyonado Valeriano Fugoso, nang nagsisibigkas nang pangungusap sa idinaos na kombensiyon ng Liberal noong Lunes ng gabi sa pagpili ng kandidato sa alkaldiya ng Maynila. Si De la Fuente ang nagtagumpay at nahirang na maging kandidato uli. Naging mahigpit niyang kalaban si Komisyonado Fugoso.



Ilan sa mga pinunong Liberal na dumalo sa kombensiyon ukol sa pagpili ng kandidato sa pagka-alkalde ng lunsod. Makikita sa unahan sina Konsehal Sta. Maria, Kongresista Atienza, Kalihim Lovina, Konsehal Agustin, Komisyonado Fugoso at Alkalde De la Fuente.


# ALAM BA NINYO?



*ANG "SHOT-PUT" AY ISANG URI NG PALIGSAHAN SA PALAKASAN NA GINAGAMITAN NG LAKAS NG BISIG. ISANG BILOG NA BOLANG BAKAL ANG INIHAHAGIS NG MGA NAGLALABAN SA PAMAMAGITAN NG PAGTUTULAK NG KAMAY AT ANG SINO MANG MAKAPAGHAGIS NANG PINAKAMALAYO AY SIYANG NAGTATAGUMPAY. ANG BOLANG GINAGAMIT AY TUMITIMBANG NG DI BABABA SA 16 LIBRA.*

"ART LARSEN" style championship tennis shoes



**Sumiguro laban sa pagkagapi — sa larangan ng palakasan — sa tulong ng sapatos na gomang lagi ninyong mapagtitiwalaan. Sa makabagong moda pagtatagal, higit na kahalagahan at tunay na may uring mga sangkap, ang mga sapatos na gomang JACINTO ay tiyak na may mataas na pagpapahalaga ng bawa't manlalaro na kumikilala at nakababatid ng uri ng isang ganap na sapin sa paa.**

**Sa magaang pagkilos na may kalangkap na dikit at kasiglahan, hingin ang sapatos na gomang JACINTO!**

**Jacinto RUBBER & PLASTICS CO., INC.**

5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal

Tel. 2-67-67

# Bahagi Ng Pagdiriwang Sa Kaarawan Ng Yumaong Pangulong Manuel L. Quezon







Sa itaas, kaliwa, ay makikita ang plantsang pang-alaala sa yumaong unang Pangulo ng Pilipinas na pinahiyasan at inalayan ng mga bulaklak ng matataas na pinuno ng pamahalaan noong nakaraang kaarawan ng mabunying pangulo. Sa kanan ay isang pangkat ng mga kabataang lumahok sa idinaos na parada, na kabilang sa mga mag-aanak na nagnanais magkaroon ng sariling lupang masasaka at mapagtatayuan ng sariling tahanan.









Ang karosang inilahok sa parada ng Philippine Tuberculosis Society na sumasagisag sa pagamutan ng mga may sakit na pagkatuyo.



Bahagi ng makapal na taong sumaksi sa makulay na pagdiriwang sa Quezon City sa alaala ng magiting na unang Patnubay ng Bansang Pilipino. Ang karamihan ay nagsiakyat pa sa mga punong-kahoy upang mapanood lamang ang marikit na parada.

**Mga larawang kuha ni Ben Roxas**

# *Ang Lihim* ni Maestrong Bino

MAY NAG-AAKALANG BAKA "NAPAGLALARUAN" O DILI KAYA'Y NASISIRAAN NA NG BAIT SI MAESTRONG BINO. NGUNI'T MAY NAGANAP NA PANGYAYARING NAGBUNYAG NG KATOTOHANAN...



**Kuwento ni GONZALO K. FLORES**

**Nabalitaan mo na marahil ang mga sabi-sabi ukol sa akin. Huwag kang maniwala. Pumarito ka at may lihim akong sasabihin sa iyo.**

KARARATING KO lamang sa bahay buhat sa pagbaba sa aming niyugan nang iabot sa akin ni Anang, ang maybahay ko, ang sulat na iyan. Kahi't walang lagda ay alam kong iyan ay buhat kay Maestrong Bino.

**Ano kayang lihim ang sasabihin sa akin?** Ang bulong ko sa aking sarili.

Dalawang bagay ang nabatid ko sa aking maybahay: Una, ang sulat na iyon ay palihim nang gawin ni Maestrong Bino at palihim din nang ibigay sa kanya; at pangalawa, si Maestrong Bino ay napaglalaruan daw ng isang makapangyarihang lamang-lupa.

—At ayon kay Medikong Ipe, —ang patuloy pa ng aking maybahay, —e, si Maestrong Bino ay naghihintay na lamang ng kanyang oras. Dalawin mo naman. Mabuti na iyong nakakausap mo bago malagutan ng hininga.

Nilukot ko ang sulat saka inihagis sa kalan. Napatingin kaming mag-asawa sa sulat na unti-unting kinakain ng apoy. Pagkatapos, nagtungo ako sa batalan. Kinalag ko ang tuwalyang nakatali sa aking leeg at iyo'y kinusot saka nagpunas ng katawan. Pagkapagpalit ng damit ay nananghalian na kaming mag-asawa.

Ibinalita ko sa kanya ang lagay ng pagbababa ng mga niyog sa aming niyugan; ang maagang pagkakalibkib at pagtatapa, na malamang magpanhik ng malaking pakinabang. Ngiti siya nang ngiti at tango nang tango, nguni't ang kanyang paningin ay nakatitig sa kawalan. Mayamaya, tumingin sa akin at ang tanong:

—Ano kayang lihim ang sasabihin sa iyo ni Maestrong Bino?

HINDI KO madalumat kung bakit ako'y naging walang kibo — maging nang tinatalunton ko na ang liku-likong landas na nalililiman ng nagtataasang mga punong niyog, patungo sa bahay nina Maestrong Bino. Malakas ang hanging namumulupot sa malalabay na sanga ng mga punong niyog. Sa aking pandinig naman ay may kakatuwang tinig na bumabagabag sa aking katauhan:

**Ano kayang lihim ang sasabihin sa akin ni Maestrong Bino?**

Namigat ang hangin sa kaaya-ayang halimuyak. Kaya pala'y sumapit na ako sa pook na sagana sa naglipanang nagdirikitang mga bulaklak-parang. Nagbalik sa aking alaala ang mga araw na nakaraan sa amin ni Anang. Sa pook na ito naganap sa aming buhay ang tatlong mahalagang pangyayari. Una, dito kami kaunaunahang nagkita at nagkausap; pangalawa, dito rin natamo ko ang kanyang pag-ibig; at pangatlo, sa pook ding ito nalaglag ang mga bulaklak na pinangunaha niya upang ipalamuti sa kanilang altahan — nang unang magtalik kami sa katamisan ng isang halik!

Sa libis ng burol na iyon ay may ulilang landas na tinutubuan na ng mahahabang damo. Nagwawakas ang landas na iyon sa isang marikit na lawa. Nakapagtataka ang lawang iyon. Sa buong panahon, ang dalampasigan ay malinis na malinis; hindi tinutubuan ng damong-tubig o ng lumot kaya. Hindi nililiya ang tubig at laging malinaw. Walang naliligaw noong hayup o mga ibon kaya. Ang sinumang taong madako roon ay nakatatagpo ng maitim na bakas na animo kurot sa kanilang katawan.

Di kalayuan sa lawang iyon ay may isang punong banaba na kung panahon ng pamumulaklak ay nakapupukaw ng paghanga at nakagigising sa mapangaraping diwa. Ang punong iyon ay may ukit: dalawang pusong pinaglagusan ng isang palaso at bawa't isa'y may titik na F. V. at G. F. —mga unang titik ng pangalan naming mag-asawa. Ang mayamungmong na lilim ng punong iyon ang naging tagpuan namin sa loob nang may limang buwan pagka't ligtas sa mga matang makasalanan!

Nguni't nabulabog kami ni Maestrong Bino. Tuwing magdarapit-hapon, si Maestrong Bino ay dumarating sa lawa. Wala naman siyang ginagawa liban sa umupo sa naroong paltok at matagal na tititig sa gagalaw-galaw na tubig. Pagkatapos, nakayuko ang ulong aalis at bubulung-bulong —na di alam na mayroong apat na matang sumusubaybay sa kanya. Talaga sanang uusisain ko si Maestrong Bino subali't dumating sa amin ni Anang ang mga araw ng paghahanda sa nalalapit naming pagharap sa dambana.

Natatandaan ko pang si Maestrong Bino, nang pumunta sa araw ng aming kasal, ay wala

(Buklatin sa pahina 14)



# Nang MAGDAAN ANG DALUYONG

## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

### Sinulat ni Faustino Aguilar

**(KARUGTONG)**

Ang patalastas na itong napakaiksi, hubad sa mga kailangang paliwanag at di naglalahad ng mga ulat na sukat ikabusog ng mga nananabik sa pagkatalos ng tunay na nangyayari, ay siyang nagpapaliwanag ng walang kaali-alinlangan sa inaanyo ng bahagi ng Hukbong Hapon na narito sa Maynila. Hindi na nga sukat pagtakhan ang kanilang patuloy at walang-likat na pagpapasabog sa maraming bahagi ng Maynila upang magkasagabal sa lakad ang kaaway na darating. Isa sa mga pinasabog na ay ang matandang tulay ng Hulo, sa daang Juan Luna; ang bagong tulay Quezon, ang Ayala, ang Sta. Cruz at ang Jones, ay pinagbubutasán na upang mapasabog kung kakailanganin, at ang malalakas na putok na hanggang sa hapon ng araw na itong ika-12 ng Enero ay narinig sa dakong kinalalagyan ng Kamaynilaan, ay nagpapakutog sa loob, na isinasagawa na ng mga magtatanggol ng Maynila ang kanilang palatuntunan sa pagwawasak. Sinasabing hihigit, nguni't hindi na naman lalalo ng gaano sa 30,000 ang bilang ng mga kawal na hapong pagkakataon ay makukulong sa Maynila, na halos matuturang nangalilito na sa paghahanda ng mga kublihang mapagtatanggulan nila. Isa nang katotohanang sa maraming lansangan ng Maynila ay naglalagay sila ng mga tanggulan at ang lalong nakatatawag ng pansin ay ang pagtatayo nila ng kublihan pati sa liwasang Goiti. Sa pagtalagang ipakidurog ang Maynila sa kanila namang pagkadurog, ay sinimulan na ang pagbali ng mga tadyang nito, na kanyang ilang tulay. Kailan nila isusunod ang pagpapasabog ng malalaking gusali? Hindi na matatagalan marahil, pagka't ang liparan ng marami at malalaking B-24 ng Estados Unidos na nagpapaulan ng kabit-kabit na bomba sa mga paliparan, sa mga himpilan at sa kinalalagyan ng kaaway upang linisin ang pagdaraanan ng Hukbong lumulusob, ay napakadalas na at palapit nang palapit sa Maynila. Sa aking taya ay mga 70 milya na lamang ang layo ng nagsisilusob.

Napag-alaman na, sa araw na ito, ika-13 ng Enero, ang nagsipamuno kung sinu-sino sa paglunsad sa Lingayen. Kasama pala ng nagsitalibang mga pandigma ang mga sasakyang Ingles na pinamahalaan ng Almirante Shelly at ang Almirante Thomas Kincaid naman ang naminuno sa ganang mga amerikano. Sa hukbong bumaba sa lupa, na siya ngayong nakikipagbaka sa mga kawal na hapon, ang mataas na pamunuan ay si Heneral Krueger, ang pinuno ng Hukbong lumusob sa Leyte. Sinasabi ng Tokyo, na tatatlo raw pangkat (division) ang bumaba sa Lingayen. Aywan kung ito'y totoo, nguni't ang babala ni Heneral MacArthur [illegible] mula sa Lisboa, ay isang buong hukbo ang lumunsad, na may kasamang isang buong pangkat ng mga tangke. Ang mga tangke na ginagamit ngayon ng Estados Unidos ay pantubig at pangkatihan, samakatwid ay hindi makaábala sa kanilang takbo ang mga sirang tulay, isang sagabal na noong hindi pa nalilikha ang ganitong mga kasangkapan, ay nakapipigil sa paglusob ng mga Hukbo. Lahat nga ng kailangan sa madaling pagkalapit sa Maynila ay taglay at dala ng nagsilusob, na di-sasalang may sinusukatang bilang ng mga araw hanggang sa pagdating sa pangulong bayan ng Pilipinas.

Hindi pa napatutunayan hangga ngayon ang pagkakapaglunsad na rin sa dakong timog ng Maynila, ibig kong sabihin ay hindi pa ibinabalita ng Tokyo, ang may ilang araw na ring alingawngaw na pagkakababa sa Batangan; nguni't ang pagtitibay ng mga hapon na ngayo'y nangakatalatag na sa mga bayan ng Rizal, sa dakong kasilanganan ng Maynila, S. Mateo, Montalban at Antipolo, ay tandang sa silanganan ng Lunsod ay may sukat manggaling na kalaban. Ang mga susunod na pangyayari'y magpapatotoo sa ganitong mga pala-palagay. . . . . . . . . . . .Mapanganib na ngayon ang pagyayao't dito sa Maynila. Napakadalas na manunggab ang mga kawal na hapon ng taong nagsisilakad, upang sapilitang pagawin, at hindi na iilang pangyayari ang ikinapasubo sa pagtutulak ng mga kariton o paghahakot kaya ng mga kasangkapan ng hukbo, ng mga taong nagsiluwas lamang upang mamili ng makakain. Tungkol sa pagkain ay isang katawa-tawang pasiya ang biglang pinairal ng mga pinuno sa mga araw na itong, na sa pinto na lamang halos ng bahay ang nagsisilusob. Ang bigas, buhat nang mapatayo ang bantog na Ricoa, kahuli-hulihang pagpapanggap ng mga hapon sa kunwa'y pagtulong sa nagugutom na bayan, upang lalong makapanamsam na maluwag ng bigas at palay sa mga lalawigan nitong huling tag-ani, ay ipinasiyang maipapasok na ng walang anumang takda sa lunsod upang malunasan daw ang pagkakagutom, nguni't hindi lamang maipagbibili sa halagang mataas. Kay-sakit na biro ng ganito, na pagkakaloob sa bayan ng isang kapangyarihang hindi na magamit ng Pamahalaan man. Noong may mga paraan pang masasamantala, ang mamamayang sa lihim na paraa'y nakapagpapalusot ng bigas upang huwag matuluyang mamatay sa gutom ang kanyang mga anak, ay hinuhuli at pinarurusahan nang mahigpit at ngayong ang sinuman ay wala nang magagawa sa bagay na ito, ay saka ipinagkaloob ang kaluwagang noon pang nagsisimula sana ang pag-aani dapat ipinagamit sa lahat. Walang pinatutunayan ang ganitong bago na namang pagkakamali ng pamahalaan kundi talagang hindi lamang malayo siya sa bayan kundi kalaban pa nito pagka't kaaway nga lamang na di nagpapakundangan ang sukat magkapusong ipuno, sa pag-alimura, ang paglait.

Wala nang sandata ngayon ang mga pulis ng lunsod ng Maynila at kagaya rin noong bago makapasok ang mga hapon nang taong 1942, ngayong tila mapipilitan silang umalis na taboy o tugis ng amerikano, ay pinaalisan na naman ng sandata ang pulisya gaya rin ng kanilang hiniling noon sa mga pinunong pilipino. Mga tungkod lamang ang gamit ngayon ng mga pulis sa pagbabantay. Nguni't ang mga tauhan ng Makapili ay nasasandatahan at sa mga daanang papalabas ng Maynila, ay nanagbabantay sila, na matalas ang mata at pakiramdam sa mga kilusan ng taong-bayan. Noong umaga ng ika-13 ng Enero ay naging maalingasngas ang paghuli sa aywan kung sino ng mga kawal na hapon sa pinakakabayanan nitong S. Francisco at maraming nagsisiluwas ang nagsiurong sa pangambang mahulog sa kuko ng ganid.

Sa maghapon ngayong ika-14 ng Enero, ang mga putok na narinig sa paligid-ligid ng Maynila ay nagsasabing ang labanan ay patuloy at gayon ding nagpapatuloy ang pagpapasabog ng mga hapon sa mga kasangkapan at kagamitan nilang hindi na madadala. Tinatayang mga dalawang linggo pa marahil at ang labanan ay mapapalapit na kung di man nandirito na sa Maynila. Samantala ang halaga ng mga pagkain ay lalong tumataas at may mga nagbibili nang ayaw tumanggap ng salaping hapon at ang ibig ay palitan. Ang kinalalagyan ng maraming langis na ari ng hukbong hapon sa himpilan ng tren sa Tutuban ay nasunog o sinunog na kusa kagabi. Sa araw na itong ika-15 ng Enero at sa radio ng Lingayen (bagong lagay lamang) ay ibinabalita na ang hukbong nakalunsad sa Lingayen, sa paglusob na tungong Maynila, ay na sa Bayambang na. Ito ay isang bayan ng Pangasinan, na kahangga na halos ng Tarlak at di na kailangang hulaan, na mga isang linggo pa marahil at makaaabot na ang labanan sa nasasakupan ng Kapampangan. Umuurong ang hapon at ang hindi pa sukat matulusan ngayon ay kung saan sila gagawi, sakaling magipit. Patuloy ako sa paniniwalang maglulunsad din ng isang panibagong hukbo ang Estados Unidos sa alin mang lalawigang na sa Katimugan ng Maynila, at kung ito na ang mangyari ay malapit na ang mga kawal na hapon ay sa mga bundok sa kasilanganan umurong. Ito ay kung hindi maglulunsad ang Estados Unidos ng marami ring kawal sa mga baybayin ng Tayabas, pagka't kung gayon ang gawin, ang mga kawal na hapon ay mangapipilitang sumuko o papuksa. Bakit napapalaban sila kay Heneral Walter Krueger na kawal pa lamang na karaniwan ay narito na sa Pilipinas, at hindi iilang lalawigan sa Luson ang kanyang narating at kilala. Ibinabalita na rin ng radio sa Lingayen na ang iniahon ng Estados Unidos ay ang kanyang hukbong ika-6 at 45 milyang lupain sa nasasakupan ng look na binabaan mula sa Saul, sakop ang Alaminos, ang S. Fabian hanggang Damortis ay siya ngayong kinahihimpilan ng tinurang hukbo at kinalalagyan ng kanyang pinakamataas na pamunuan. Sapagka't ang bahagi ng hukbong ito ay nakarating nasa Bayambang sa loob ng 6 na araw, maliwanag na nakalulusob siya ng kumulang-humigit sa 9 na kilometro maghapon. Kung ang pagsukat ay pasisimulan sa Lingayen, na ang layo sa Maynila ay 213 kilometro, matagal na nga ang mga tatlong linggo upang mapalapit kung di man makarating na ang labanan sa Maynila, kahi't na makatagpo ang nagsisilusob ng mahigpit na laban sa Bamban, Tarlak, at sa Bagbag, Bulakan, dalawang pook na sa aka-akala ay pagtitibayin ng hukbong hapon. Ang mga kabundunan sa Bamban na halos na-

**(ANG "NANG MAGDAAN ANG DALUYONG" AY INILALATHALA NANG WALANG PAGBABAGO BATAY SA ORIHINAL AT SA PAGKAKOREHE NG MAY-AKDA)**

kahalang ang isang dulo sa daang bakal na tungo sa Hilaga ng Luson at ang maluwang namang ilog Bagbag, Kalumpit, ay sadyang mga pook na tila itinalaga sa paglalaban ng mga hukbo; noong 1898 na nilusob tayo ng amerikano, ang matapang na si Heneral Luna ay nagtibay sa Bagbag at ang tubig ng ilog ay natina sa dugo ng kaaway, bago sila nakatawid. Sa ilog ngang ito rin ay di-sasalang bubuwis ng maraming buhay ang mangaglalabanan, bagama't dahil sa mabubuting kasangkapang panlaban na dala ng amerikano at sa kanya namang mga walang-gulat na mga manlilipad, ay hindi sukat asahang magtatagal doon ang paglaban kung sakali na gagawin ng hukbong hapon. May malaking kahulugan ang sinasabi ng tagapagbalita sa Lingayen, na hangga ngayon ay hindi pa nakatatagpo ang nagsisilusob ng makapal na kalaban, kundi mga pulutong lamang na. sa wari ay kalat-kalat at hindi magkakasama, bagay, sa akala ko, na nagsasabing sa isang pook na sadyang pinili at inihanda nag-aabang o talagu namang ang karlinan ng dagok ay nakabigla sa hukbong hapon na sa pagkalito, hangga ngayon, ay hindi pa nakapag-aayos.

Sa katimugan ng Luson ay tatlong araw nang hinuhulugan ng masinsing bomba ang Albay, ang Camarines Norte at ang Batangan. Kung ito'y tanda na ng paglulunsad na gagawin, ay hindi pa masabi nang tiyak, nguni't sa paano ma'y maipalalagay na ang nangyayari ay hiwatig ng malaki at tapusang kilos na magsisimula sa katimugan. Ang PIAM ay nagbalita kagabi ng isang bagay na nakatawag ng pansin sa mga nakarinig: Diumano'y may nagsibaba sa 4 na earoplano na tao ng hukbong amerikano, noong ika-11 ng Enero sa malapit sa Malolos upang magsipamuno sa mga "guerilla" nguni't ang nagsibaba ay na puksa ng mga kawal na hapon na tinulungan ng mga nasasandatahan ngayong tauhan ng Makapili, na alinsunod din sa pagbabalitang ginawa ay sila palang mga kusang-loib ng Hapon, na may tungkulin ngang magtanod sa mga kabukiran. Ang PIAM ay walang ibinabalita tungkol sa paglusob na nangyayari sa hilaga; pinipili lamang ang maminsanminsang pagpapakabayani ng ilang kawal na hapon at siyang sinasabi at saka ang kanyang mga balita ay huli nang apat na araw. Halimbawa, mga nangyari pa noong ika-11 nitong Enero ay ngayon lamang na ika-15 na ibinabalita at gayong sa Pilipinas nangyayari ang labanan, ay balita pang galing sa Tokyo ang ikinakalat. Hindi mapag-aalinlanganang ang nangyayari'y pagsunod sa isang utos na hindi matanggihan, nguni't ang ganya'y isang paraang nakabubusog marahil sa mga musmos, nguni't nakayayamot namang kundi man nakamumuhi sa sambayanan.

Sa Pangasinan, dili kaya'y sa bahaging nasasakop na ng nakalunsad na hukbo ng Estados Unidos, ang halaga ng mga pagkain ay napabalik sa dati; sa kinalalagyan ng mga babala ng Hukbong Hapon na bawal ilabas sa lalawigan ang mga ani at bunga sa kabukiran, sanhing ikinataas ng halaga at ipinaghikahos pa sa maraming bayan, lalong-lalo na dito sa Maynila, ay naglagay ng mga babala ang Pamahalaang Pilipino na nilagdaan ng Pangulong Osemaña at nag-aatas ng mababang halaga ng pagkain: ang itlog halimbawa, ay itinakda sa 36 na sentimos lamang ang 12 at ang saging ay tig-isang sentimo, laban sa 150 piso ang isa na halaga ngayon ng itlog at 25 piso naman ang isa, na halaga ng saging. Tinutukoy ko ang halaga ng mga bagay na ito dito sa Maynila, ngayong na sa kalahatian ng Enero ng taon ng Panginoon 1945 at sa ika-2 ng Republika ng Kalibapi.

Ang mga huling pangyayari sa Kamaynilaan, na nakaabot sa pagkaalam ko, ay naghuhudyat ng pagkaulit ng mga araw ng agawan sa mga tindahan at pintungan. Nagsimula na sa Nadisco, na kinatataguan ngayon ng sari-saring mahahalagang bagay na dati'y siyang ikinakalat sa bayan sa pamamagitan ng mga Cooperativa o Usungan na napatayo sa Maynila at binubuo, sa bawa't pook, ng mga samahan ng Magkakapit-bahay; nguni't ang kaibhan lamang ng nangyayari ngayon sa nangyari noong araw na makapasok na ang mga hapon, ay mga tao ng pamahalaan ang nagpapasimula sa paghakot ng ibig hakutin. Sa Nadisco, umaga pa lamang ng araw na ito, ika-15 ng Enero at alinsunod sa kumalat na balita ay mga kawal na ring nagsisipagbantay sa Malakanyang, ang nagsikuha ng kanilang maibigan at ang nakapagpabigat pang lalo sa kanilang sagutin, ay ang pangangako, sa maraming taong nakaabang, na pakgatapos nila'y saka naman ang balanang may ibig. Hindi ko na lalapatan ng ano mang haka ang ganitong kagagawan, nguni't itinatala ko lamang ang pangyayari upang may pagkakilanlan, sa hinaharap, sa mga hindi na natutong magbait upang pagsumundan ay nangagturo pa ng likong gawa at linsil na panunungkol.

Ngayong umaga ng ika-16 ng Enero ay naging panayan ang paghuhulog ng bomba ng mga panlipad na amerikano sa dakong Marikina at S. Mateo ng Rizal, at Meykawayan, Bukawe at Giginto ng Bulakan. Hindi matiyak ang sanhi ng gayon, nguni't sa mga bayang nasabi, alinsunod sa mga alingawngaw na kumakalat ay marami raw kawal ng Hukbong Hapon. Anoman ang sanhi, ang di-karaniwang pagsalakay na ito ngayon sa papawirin ng mga panlipad na amerikano, ay nagsasabing hindi sila nakalilingat sa ginagawa ng kaaway bagkus patuloy na naglilinis sa pagdaraanan ng hukbong dumarating. Napag-alaman sa kinahapunan ng araw na ito, na ang hukbong lumusob ay nakarating na sa Kamiling, Tarlak, at ang isa namang bahagi, na galing sa Damortis ay paakyat marahil sa Bagyo na nakarating na sa bahagi ng daraanang tinatawag na ikatatlong himpilan (Camp 3).

Nang umaga ngayong ika-17 ng Enero ay isang sulat ang tinanggap ko na nagbibigay-alam ng pagkakahuli kahapon ng umaga ng mga hapon sa mag-aamang Bustamante, may-ari ng isang maliit na kiskisan dito sa S. Francisco, sa hinalang sila'y mga "guerillero." At nang mag-iika-12 ngayon ng tanghali, ang matandang Bustamante, ay dumalaw sa bahay upang ibalita sa akin na kagabing ika-8 ng gabi, silang mag-aama ay pinalabas, nguni't nangabingit sila sa kamatayan at munti nang mangabaril na kasama ng hindi masabi kung ilang tagarito rin, na kahapon ng tanghali ay pinagbabaril. Nakaligtas sila pagka't pinalad na paniwalaan sa kanilang pagpapatotoong hindi sila mga "guerillero," kungdi mga mamamayang payapa. Ang pinakapuno ng mga kawal na hapong sa kanila'y humuli, kasama ang apat, ay nagsitulog pa sa kanilang bahay kagabi, at bago nagsialis ngayong umaga ay nagsipagtapat na isang linggo pa ring ang mga Bustamante ay kanilang mamanmanan sapagka't tatlo raw katao na isa ay babae, ang nagsasabing silang mag-aama'y kaalam ng mga "guerillero." Sa balibalita'y napag-aalaman ngayon, na ang sanhi ng paghuhulihang ito sa S. Francisco ay ang pagkakapatay sa isang kawal na hapon na naghuhukay ng kamote, ng marahil ay may-ari ng halaman, at ang gayong nangyari na, malayong maging kagagawan ng "guerillero'y" nagsasabi lamang nang maliwanag na sukdol na ang pagkainis ng nasasahol na mamamayan sa pangangagaw ng mga hapon ng kakanin sa masisipag magtanim, ay ipinalagay na kagagawan ng guerilla at sinimulan ang panghuhuli sa balanang maibigan ng pinarurusahan naman ng alinsunod sa kautusan ng hukbo. Ang isang paupahang bahay na tinitirhan ng isang hinuli ng mga kawal na ito na ngayon ay siyang sinisiyasat at sa paghihirap ay nagdaramay sa marami, ay pinasabog sa dinamita at sa sabihana'y kasama ang pagpapasabog na ganito ng mga bahay, sa parusang inilalapat ng mga kawal na hapong naririto ngayon sa S. Francisco. Hindi naman sila marami, mga 20 lamang marahil, nguni't nangagpapasasa sa pagpapakalupit. Abutin na sana sila sa bahaging ito ng Maynila ng pagpasok ng mga amerikano, sapagka't walang pagsalang di sila pakikipagtuusan sa pinaggagawa ngayon, ng mga mamamayang tagarito.

Panibagong katampalasanan ng mga kawal na hapon ang nangyari ngayong umaga ng araw na ito, ika-18 ng Enero, dito rin sa S. Francisco at ang nagsipanampalasan ay mga kawal

(Buklatin sa pahina 15)



# NATUTUPAD KAYA ANG MGA SIMULAIN NG *"UNANG SIGAW..."*?

**Sinulat ni CONRADO C. BALUYOT**

**ISANG Bansa...**
**Isang Watawat...**
**Isang Wika...**

Ang sinundan ay tatlong mahahalagang layunin na pinagkamatayan ng ating mga bayani ng 1896. Pinangarap nila na magkaroon ng isang bansa, isang watawat at isang wika, sapagka't ito ang kaganapan ng isang lupang tinubuan na hindi ikahihiyang iluklok sa piling ng ibang mauunlad na bansa sa daigdig. Hindi nila ipinakita sa salita, mahanga pa ay sa gawa, ang kataimtiman ng layuning ang Pilipinas ay makitang isang bansang sarili ng mga Pilipino, may isang watawat na palagiang nakawagayway at may isang wika na siyang dakilang susi ng ganap na pag-uunawaan ng magkababayan.

Binubuo ng mahigit na 1,000 pulo, ang Pilipinas ay nilikha ng Diyos na isang bahagi ng daigdig. Dahil sa kanyang mga alamat, natatanging kalikasan at ipinagkakapuring kaugalian ng mamamayan, ay tinawag itong "Perlas ng Silangan". Mayaman sa ginto ang mga bundok, maisda at sagana sa perlas ang mga karagatan. Mayaman ang mga kagubatan sa matitigas na kahoy na napiling gawing sangkap sa makasaysayang gusali ng Nagkakaisang mga Bansa sa Lake Success. Ang awit ng mga ibon, ang simoy ng hangin, ang agos ng tubig, ang mga talampas... ang lahat ng ito ay kabilang sa mga kayamanan ng Pilipinas na hindi matutumbasan ng salapi sapagka't kaloob ng Maykapal.

Dahil sa mga kayamanang ito ay hindi katakatakang ang Pilipinas ay mapagpakuan ng pansin ng ibang bansang mapagsapalaran sa kabilang ibayo ng dagat...

Makalipas lamang ang ilang daang taon nang pakikipagkalakalan ng mga pilipino sa mga intsik, noong 1521 ay ilang sasakyang-dagat ng Kastila ang dumaong sa isang bahagi ng Sebu. Taglay ang Krus at Espada, sa pangungulo ni Fernando Magallanes ay nagpakilala sila ng mabuting hangarin sa mga Pilipino. Noon pa'y ipinakilala na ng mga Pilipino ang kanilang pagtutol sa mga dayuhan. Inakala na ang mga panauhin ay naglalayon lamang na alipinin ang bansa, punitin ang bandila at halinhan ng iba at batikan ang katutubong wika, ang paghihinalang ito ay hinugasan sa pamamagitan ng pakikipagtagisan ng lakas sa lakas at ito ay humantong sa pagkapatay ni Lapu-lapu kay Magallanes sa pulong Maktan sa pamamagitan ng kampilan.

Nguni't ang lakas ng mga Kastila ay ibayo kaysa mga Pilipino. Hindi gaanong nagtagal at ang kapangyarihan nila ay lumaganap sa apat na sulok ng Pilipinas. Nagawa nila ito sa pamamagitan ng pagbabalatkayo na sila ay mga kaibigan at ang layunin nila dito ay palaganapin lamang ang pananampalataya — ang Kristiyanismo. Habang tumatagal, ang kaalipnan ay nadadama ng ating mga pinuno na nangamatay na nagtatanggol ng bayan.

Noon na nagsimula ang pagtatatag ng Katipunan. Kinakailangan silang magbangon upang buhayin ang simulaing isang bansa, isang watawat at isang wika. Hindi na nila mapapayagang magpatuloy ang kalupitang ginagawa ng mga Kastila sa mga Pilipino. Ang sariling ari-arian ng mga Pilipino ay kinamkam nila. Lumitaw na nanunuulyan tayo sa sariling bayan at sila ang ating panginoon.

Isang Andres Bonifacio ang nanguna sa kilusan. Isang Matandang Sora (Melchora Aquino) at iba pang magigiting na bayani ng lahi ang tumulong upang mapalaganap ang simulaing maputol ang paghahari ng "Matuwid ng Lakas" at sa anumang paraan ay maibalik ang dating "Lakas ng Matuwid."

Walong lalawigan ang karakarakang tumugon sa pakikiisa sa Katipunang itinatag ni Andres Bonifacio. Ginawa ni Tandang Sora ang lahat ng maiaabuloy sa ikapagtatagumpay ng layunin. Ipinagdurugo ng kanilang puso ang pagmamalabis ng mga kastila, ang pagpatay rito sa matatapat na anak ng bayan, tulad nina Rizal, mga paring Gomez, Burgos at Zamora.

At.....

Noong Agosto 26, 1896, ang unang pagtutol ng mga pilipino ay isinagawa. Ang unang putok nang paghihimagsik ay narinig sa Balintawak. Sa pamamagitan ng tabak at ng bandilang may tatlong KKK na nangunguna sa mga katipunero ay nilusob nila ang mga dayuhang mapambusabos. Iniwan nila ang kanilang mga magulang, asawa at mga anak, sapagka't sa ibabaw ng lahat ay bayan muna bago ang sarili. Sa panahong ito ay maraming mga kawal ng bayang api ang nagbubo ng dugo at naghain ng buhay sa mapulang buhanginan na ngayon ay kinatatayuan ng bantayog ni Andres Bonifacio. Gayon man, masasabing hindi kahinahinayang ang ginawang pagpapakasakit at pagtatanggol sa karapatan ng bayan, sapagka't pagkapawi ng mga usok na gumimbal sa mga ganid at mapagsamantala, isang Republika Pilipina ang natatag sa Malulos ng Bulakan, sa ibabaw niyon ay nakasagisag ang Bandila ng katubusan na nangangahulugang tayo ay may isang bansa, isang watawat at isang wika.

At ngayon ay ika-26 rin ng Agosto. Sa pamamagitan ng mga parangal sa iba't ibang pook ng Pilipinas ay ginugunita natin ang "Unang Sigaw sa Balintawak". Mula sa pinakamaliit na nayon hanggang sa pinakamalaking Lunsod ay nagdaraos ng pagdiriwang ang mga mamamayan. May mga palatuntunan sa mga paaralan, pamantasan at radyo. Sa pangunguna ng Malakanyang hanggang sa pinakamunting gusali ng pamahalaan ay nagdaraos rin ng pag-aalaala sa mga bayaning nabuwal sa dilim ng gabi, sa mga taong hindi natakot ihandog ang buhay sa pagtatanggol sa bayan.

Nguni't nakatitiyak na kaya tayo na pinakikinabangan natin ang mga simulaing ipinaglaban ng ating mga bayani ng 1896? Lubos na kayang masasabi ng ating mga "nagpapalakad ng daong ng pamahalaan" na isinasabalikat nila ang katuparan ng mga pinagbubuan ng dugo at buhay ni Andres Bonifacio at ng mga tagasunod nito sa pakikipaglaban sa "Unang Sigaw sa Balintawak"? Maipagmamalaki kaya ngayon ng bawa't pilipino na Siya ay may Isang Bansa, Isang Watawat at Isang Wika?.

Subaybayan ang takbo ng pamumuhay sa ating bansa. Ito ay bansa natin at hindi kaninupaman, nguni't bakit mga dayuhan ang siyang nakapaghahari sa pangangalakal, ang lahat ng panauhin dito ay siyang may malulusog na hanapbuhay at tayong mga Pilipino

**(Buklatin sa pahina 15)**

## *Pag-asa*



I

*Akayin mo ako't di na maaninaw*
*ang tinatalunton ng hamak kong buhay;*
*bigyan mo ng ningas ang hiram kong ilaw*
*nang maabot-tingin ang patutunguhan.*

II

*Habang lumalalim ang gabi ng palad,*
*kinaiinipan ang babaw ng bukas;*
*danga't di mangyari'y akin nang binatak*
*ang kaumagahang pinangapangarap.*

III

*Buhat pa sa aking pinagmulang guhit,*
*kaakbay na kita't kasumpingang-bisig.*
*(Ikaw man sakali'y di madamang langit,*
*nadarama naman ng aking pag-ibig.)*

IV

*Halana..... akayin.... akaying marahan*
*ang maputlang palad sa nilalakaran...*
*(Sakaling matawid iyang kadiliman,*
*May liwanag pa ring sukat masilayan.)*

*en. c. agleham*


Royal
QUEEN'S
Timpalák ng
KAGANDAHAN!
Royal
VIRGINIA
Cigarettes
kasiyahan sa
bawat HITIT!
M-G-M's HAPPIEST OF
Color by TECHNICOLOR
MUSICALS!
FRED ASTAIRE
JANE POWELL
Royal Wedding
PIONEER TOBACCO CORP.
Factory and Main Office
2691 A. de las Alas
Sta. Ana — Tel. 5-46-15
Sales Department
414 Salazar, Binondo
Tel. 2-86-31

# MGA KANDIDATA SA *Timpalák* NG *Royal Queen*



**OFELIA SALAZAR**
P. W. U. Student
134 Tortuosa, Sampaloc



**CHITA M. PAVON**
5 Basa, San Francisco del Monte
Quezon City



**CONSORCIA GOMEZ**
U. P. Student
Pasaje, Paco



LILIA ADOR
H. H. Student
167 Sta. Mesa, San Juan



VIOLETA KATIGBAK
Age 19 years
Lipa, Batangas



TRINIDAD FLORES
38, 10th Avenue, 5th St.
Grace Park, Caloocan



PACITA F. LIM
123 Lemery
Singalong Subv., Manila



ARACELI ROXAS
F. E. U. Student
Age 21 years
Florentino St.
Sta. Mesa Heights


*Larawang kuha ng*
**BROWN Studios**
IPADALA ANG INYONG LARAWAN
SA 403 LAPERAL BLDG., MANILA

## Maririkit Na Tagpo Sa "Isinanlang Pag-ibig"





Dahil sa kagandahan ng isang babae, sina Fernando (Fred Montilla) at Leon (Jose Villafranca) ay humantong sa pagsusukatan ng lakas. Tinangkang paputukan ni Leon si Fernando, ngunit nakapagtanggol ang huli. . . hanggang sa makamatay nang di sinasadya!






Dahil sa pagkasawi ni Leon ay pinapanagot si Fernando at li-nitis sa Hukuman. Nadawit sa usapin ang isang marilag na babae na ginampanan ni Erlinda Cortez, makikita sa larawan.



Sa kagagawan ng ibang tao at sa parang pinagtiyap-tiyap na mga pangyayari, ay napiit si Marina (Lydia Montañez) sa bilangguan ng mga babae sa Mandaluyong. Dito'y nagdanas siya ng mga hirap at dalamhati.



Si Leon ay isang lalaking mamimingwit ng puso. Sa larawan ay nais na naman niyang bihagin ang kagandahan ng isang paraluman na ginampanan ni Nita Carmona.

# KALBARYO



# Ng Isang Ina

### Maikling nobela ni JOSE R. ATIENZA

**PAGKATAPOS NG MATITINDING HIRAP AT SAKIT NA DINANAS NI ALING ANDAY DAHIL SA KANYANG MGA ANAK, NGUMITI RIN SA BUHAY NG MATANDA ANG ARAW NG KALIGAYAHAN!**

**KARUGTONG**

Magmula noon ay sa silong na nga nanirahan si Aling Anday. Naging abang-aba ang kalagayan ng kawawang matanda. Natutulog sa lumang papag, kumakain sa isang maliit na dulang, at maghapon doong hindi man lamang halos masikatan ng araw palibhasa'y hindi naman ganap ang kayarian at walang lagusan ng hangin at liwanag liban sa isang maliit na bintána. Ni hindi maálaálang panaugin ng mga anak ang matanda. Kahit na makitang nagtitiis makaraos sa pamamagitan ng dilis o tuyo ay maanong tawagin man lamang na umakyat upang sa itaas na kumain o dili kaya'y panaugan ng ulam na pinagsasaluhan ng mag-asawa. Wala na! Ang matanda'y tikis nang pinabayaan ng masasamang anak na noong una'y pinaglingkuran at pinakain sa kanyang mga palad! Ang nakatulad ng kulang-palad na ina ay isang kasangkapang dahil sa ipinalalagay na luma na, marumi at di na pakikinabangan ay itinapon na laman sá isang sulok upang hayaang doon ubusin ng anay.

Sa kaamis-amis na naging kalagayan ni Aling Anday ay luha na lamang ang kanyang kinakalamay. Lagi siyang tumatawag sa Diyos na dagdagan ang kanyang pagtitiis at bigyan siya ng tibay ng loob upang ganap na mapaglabanan ang matinding dagok ng palad sa kanyang buhay. Lagi siyang tumatawag sa Diyos na nawa'y tanglawan ang isip ng kanyang mga anak. Hinihiling din niya sa Lumikha na patawarin ang kanyang mga anak sa nagagawang mga pagkakasala.

Samantala, habang dumaraan ang mga araw ay nagbabago ang lakad ng mga pangyayari sa buhay nina Ramon at Estela. Malimit na nagkakasagutan na ang mag-asawa sa munting bagay na di ipinagkakaunawaan. Madalas na napapansin din ni Aling Anday ang mga pag-alis-alis ng bahay ni Estela kung wala ang kanyang anak, at kung itinatanong ni Ramon kung saan nágtutungo ay sinasabing namamasyal lamang sa mga kaibigan upang makipaghuntahan. Kung ginagabi ng uwi si Estela na kasama si Diyunyor, ay pinagsasabihan ni Ramon. Ipinaáálaala ang pangit na kinagagawian ng kabyak at sinasabing ang gayo'y napapansin ng kanilang mga kapit-bahay. Subali't sa halip na magsawalang-kibo o dinggin ang payo ng lalaki, ay nagagalit pa si Estela at sinasabing huwag siyang pakialaman.

Gayon nang gayon nga ang nangyayari sa mag-asawa, bagay na lalong nagpapalubha sa malimit nilang hindi pagkakaunawaan.

Sa mga pangyayaring iyon ay si Aling Anday ang higit na nagdaramdam. Bagama't naghihinanakit siya sa mga anak dahil sa lubusang pagtatakwil sa kanya, nangingibabaw din ang kanyang pag-ibig sa mga ito bilang isang ina. Ikinalulungkot niya ang nakikitang hindi pagkakasundo ng dalawa. Una pa siyang sumasama ang loob kapag narinig na nagkakasagutan ang kanyang mga anak. Minsa'y hinangad niyang mamagitan, nguni't siya ang napagbalingan ng galit ng dalawa. Sinigawan siya ni Ramon at sinabing huwag makialam at linapastangan naman siya ni Estela at pinagwikaan ng masasakit na pangungusap. Sa halip na sumagot o magpaliwanag ay nagsawalang-kibo na lamang ang matanda at tungo ang ulong muling nanaog sa silong. Lumuhod sa harap ng munting altar at humingi ng awa sa Diyos idinalangin ang pagbabagong-buhay ng mga anak na sa kabila ng lahat ay mahal din sa kanyang puso.

Isang tanghaling nasa pinapasukang bahay-kalakal si Ramon, narinig ni Aling Anday na si Estela'y may kausap na tinig lalaki. Kinutuban ang matanda kaya matamang nakimatyag. Subali't anasan ang pag-uusap ng dalawa sa itaas kaya hindi niya gaanong mawatasan. Nang manaog ang lalaking kausap ng kanyang manugang ay nasilip ni Aling Anday: makisig, magandang magdala ng damit, at higit na magandang lalaki kaysa kay Ramon.

Magbuhat noon ay malimit makita ni Aling Anday ang lalaking iyon na dumadalaw kay Estela kung wala ang kanyang anak. Kung ano ang pinag-uusapan at kung ano ang pakay ay hindi niya lubos na mabatid. Subali't isang gabing maglamay si Ramon sa pinapasukan dahil sa karamihan ng ginagampanang gawain, natuklasan niya ang masaklap na katotohanang nagsilbing balaraw na tumarak sa kanyang puso. Mag-iika-labindalawa na noon ng gabi nang makarinig ang matanda ng nag-uusap sa silid ng mag-asawa. Nagkaroon siya ng masamang hinala at parang binayo ang kanyang dibdib kaya minarapat niyang pumanhik. At nang pangahasan niyang buksan ang pinto ng silid ay isang masaklap na tagpo ang tumambad sa kanyang paningin!

Napasigaw si Aling Anday! Nagdilim ang kanyang mga bagang! At ang damdaming biglang nagpuyos sa kanyang kalooban ay ipinahiwatig ng pandidilat ng nagbabagang mga paningin!

—Mga taksil! Pinuputungan pala ninyo ng koronang dikin ang ulo ng aking anak!

At sa bugso ng damdaming hindi napaglabanan dahil sa pagkahabag sa bunsong walang kamalay-malay sa mga pangyayari, ay nakuha ni Aling Anday ang itak sa kusina at sinugod ang dalawang hindi malaman kung ano ang gagawin.

Nabuhayan ng loob ang natutop na lalaki at sinikap maagaw kay Aling Anday ang itak. Nguni't nakipagtunggali ang matanda, kaya bago napasakamay ng lalaki ang gulok ay kapuwa sila nagkaroon ng mga sugat sa bisig at sa ilang bahagi ng katawan...

Nang umuwi si Ramon kinabukasan, ay gayon na lamang ang pagkabigla nang makitang may mga benda ang bisig ng ina. Sinapantaha niya kaagad na may kapahamakang nangyari sa loob ng kanyang tahanan, kaya ang unang inusisa ay ang asawa, na bagama't malimit na nakakasagutan at nakákagalit ay mahal din sa kanyang puso. Hindi nakatugon si Estela. Napatungo na lamang sapagka't nalalaman niyang mababatid ng asáwa ang katotohanan sa pagtatapat ni Aling Anday. Subali't baligtuna ang nangyari. Pinagtakpan pa ng matanda ang kanyang manugang. Sinabing isang magnanakaw ang nanloob sa kanilang tahanan, at siya ang nakasagupa kung kaya nagkaroon siya ng mga sugat. Sinabi pang mabuti na lamang at gising si Estela at nakapagpagibik... kung hindi'y malamang na napagnakawan sila at maaaring napariwara pa ang kapurihan ng asawa.

Hindi makapaniwala si Estela

**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE
7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Legarda, Tanduay.
10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta

sa tagpong iyon. Sa halip na ibunyag ng matanda ang kanyang kataksilan bilang paghihiganti man lamang sa ipinamalas niyang kasamaan at kalapastanganan sa kanyang biyenan, ay pinagtakpan pa siya ng matanda at iniligtas sa malupit na parusa ng pinagliluhang kabyak.

Nang muling pumasok sa upisina si Ramon, ay lumuluhang humingi ng tawad si Estela kay Aling Anday. Pinagsisihan niya ang mga nagawang pagkakasala sa matanda gayundin ang kanyang ginawang pagtataksil sa asawa.

—Hindi ka sa akin dapat humingi ng tawad, Estela, kundi sa Diyos na siyang nakatatalos ng lahat at nakatalagang maggawad ng parusa sa mga taong makasalanan! Sa ginawa mong mga pang-aapi at paglapastangan sa akin, ay pinatatawad kita. Nguni't sa ginawa mong pagyurak sa karangalan ng aking anak, hindi kita mapátátawad kailanman! —lumuluha si Aling Anday at nangingislap ang mga mata. — Kaya inilihim ko kay Ramon ang katotohanan ay hindi dahil sa iyo. Dahil din sa kanya! Kung mababatid niya ang lahat, mawawasak ang kanyang puso at maaáring makagawa siya ng hakbang na sa dakong huli'y ipagdurusa rin niya! Kaya minarapat kong ilihim na nga ang katotohanan! Hindi ko maaatim na sa bibig ko pa manggaling ang lasong kikitil sa kanyang kaligayahan!

Subali't ang katotohanan ay kusang lumalantad. Ang pagtataksil ni Estela sa asawa at ang pagkatutop dito ni Aling Anday sa piling ng ibang lalaki, ay umabot sa kaalaman ni Ramon sa pamamagitan ng ibang kapitbahay na nakatatalos ng katotohanan. Sa pagdidilim ng paningin ni Ramon ay muntik nang mautas ang buhay ng kabyak, salamat at siya'y nakapagdilidili.

—Hindi... hindi ko maaaring basain ng dugo ng isang masámang babaing katulad mo ang aking mga kamay! —pasigaw na nawika na lamang ni Ramon. —Diyos na lamang ang bahalang maglapat ng karampatang parusa sa iyong mga kasamaan! Isinusumpa kita, Estela! Oo, isinusumpa kita!

At noon di'y pinalayas ni Ramon ang asawa sa kanilang tahanang minsa'y naging pugad ng matamis na pag-iibigan. Pinipilit na dalhin ng babae ang kanilang anak, nguni't matigas na ipinagkait ni Ramon.

—Hindi na kailangang mapasakandili mo pa ang ating bunso, sapagka't baka mahawa lamang sa iyong kasamaan at lumáking isa ring makásalanan! —wika ni Ramon.

Nang mananaog na si Estela, ay tinangkang hagkan ang bunso, nguni't ipinagkait din ng lalaki.

—Huwag na... kahit na ang iyong mga labi ay hindi na nararapat dumantay sa katawan ng ating anak sapagka't ang labi mong iyan ay nakakalason at nakamamatay! —wika ni Ramon. —Sulong! Lumayas ka na! At tandaan mong sa sandaling manaog ka ng tahanang ito ay ituturing ka na naming patay!

Habang lumalayo sa sariling tahanan ang lumuluhang si Estela, nagbabatis din sa luha ang mga mata ni Aling Anday. Hindi niya akalaing doon humantong ang pag-iibigan ng kanyang mga anak, na noong una'y naging napakatamis at kapanapanaghili. Niyakap siya ni Ramon at lumuluha ring humingi ng tawad.

—Ngayon ko lamang ganap na napagkilala ang kadakilaan ng inyong puso, Inay! Hinangad ninyong pagtakpan pa ang isang babaing naging lapastangan at masama sa inyo! At maging ako, na isang masama at walang turing na anak, ay ninais din ninyong huwag dulutan ng ikasásáma ng loob sa paglilihim ninyo ng katotohanan!... Patawarin ninyo ako, Inay! Pinagsisisihan ko na ang aking mga nagawa sa inyo! At mula ngayon ay nagwakas na ang pagsalunga ninyo sa kalbaryo ng pagpapakasakit!

Lumuluhang nagyakap ang mag-ina, habang titingin-tingin lamang ang walang malay na apo ng matanda na noon ay malaya na niyang makakalong at mahahagkan sa lahat ng sandali. (X)

---

# naglahong ligaya...



kung pagbalikan kong tapunan ng titig
"ang nagdaang araw ng ating pag-ibig..."
kay dilag ng lahat...ang bughaw na langit
ng kalwalhatia'y lagi tang katalik!
(oh, bukong ligayang
binansot ng palad!)
wala na...! wala na! hindi na masilip
ang langit ng tuwang dagling tinag-sungit!

———oOo———

kung babalik mandin ang nagdaang araw,
ang tutunguhin ko'y dati ring tagpuan...
sa mga labi mong minsa'y naging nektar
ng aking pagsuyo'y muling dadampulay.
(nguni, ako'y baliw!
di na mangyayari...)
nabasag na bula ng kaligayahan,
di na mabubuo sa katotohanan!

———oOo———

hinding-hindi na nga muling mayayakap
ang unang ligayang sinakmal ng ulap...
sa piling ng tatlong katagni ng palad,
walang nalalabi kundi ang mangarap.
(ikaw ba'y gayundin...?
—hindi na marahil!)
sa bagong hantungan ng iyong paglingap,
ang ating kahapo'y ganap nang kumupas!

—e d v i r a

---

## Ang Lihim . . .

(Karugtong ng nasa pahina 5)

nang katau-tao. Malungkot na malungkot ang kanyang mukha nang ibigay sa aking maybahay ang kanyang handog. Siya'y biniro naming mag-asawa.

—Kailan naman kayo? —tanong ko.

—Malalaman mo rin, —anya.

—Kailan pa hu? Ku, matanda na kayo, e.

—Ang gulang lamang ng tao ang tumatanda; hindi ang puso, —ang pagunita sa amin. Tumingin si Maestrong Bino sa paligid-ligid at nang matuklasang nag-iisa lamang kami ay lumapit sa akin at ang bulong: **Malapit na. Ikaw ang una-unang pagtatapatan ko ng aking... lihim.**

KILING NA ANG ARAW nang sapitin ko ang mataas na burol na tumutunghay sa bahay nina Maestrong Bino. Buha sa kaitaasan ay tanaw na tanaw ang liku-likong landas na parang gatla sa gitna ng bukid at nagwawakas sa kapatagang kinaroroonan ng bahay ni Maestrong Bino.

Ang bahay nina Maestrong Bino ay gawa sa kugon, pinaglakip na mga dahong niyog, kawayan at kahoy. Kasudlong nito ang isang malaking kamalig na siyang bahay-paaralan. Ngayon, ang bubong ng kamalig na iyon ay butas-butas; ang palupo ay nakahilig pagka't bali na ang isang tukod nitong kawayan at marumi at lalampi-lampi sa mahinang dapyo ng hangin.

Sa nakabukas na durungawan ay nahulo kong maraming taong nagkakagulo sa loob ng bahay. Sa may paanan ng hagdan ay nangakasabog naman ang maraming bakya, paragatos at sapin sa paa. Bago pa lamang akong pumapanhik sa hagdang kawayan ay naulinig ko na ang tinig ni Maestrong Bino.

**Huwag ninyo akong saktan! Hindi ako nababaliw! Hindi napaglalaruan! Maniwala kayo sa akin. Hindi ako napaglalaruan! Naku, araaay! Inaku po! Araaaay...**

Sa may bungad ng pintuan ay nasalubong ko si Tinay, ang kaisa-isang apong dalaga ni Maestrong Bino. Natulo ang luha ni Tinay nang ako'y makilala.

—Salamat at dumating ka, —anya. —Ikaw ang laging hinahanap-hanap ng tatang.

—Kumusta siya?

—Sinusumpong nanaman, e!

NAPATINGIN SA AKIN ang mga tao nang mapansing pumapasok na ako sa kabahayan. Nag-anasan sila. Sari-saring damdamin ang nakalarawan sa kanilang mga mukha, lalo na sa mukha ng mga bata. Sa gitna, si Maestrong Bino ay nakahiga nang patihaya sa isang papag. Sa tabi niya ay nakaupo si Medikong Ipe. Hawak nito ang kanang kamay ni Maestrong Bino na may dalawang pandakaking itim sa pagitan ng mga daliring hintuturo, panggitna at palasinsi-

ngan. Bubulung-bulong si Medikong Ipe. Sa tuwing piplsilin ni Medikong Ipe ang mga daliri ni Maestrong Bino, ito ay papalag, sisikad at daraing:

**Huwag ninyo akong saktan! Hindi sabi ako napaglalaruan! Malinaw ang aking isip. Inaku pooooo!**

Si Tinay ay ipinatawag ni Medikong Ipe. Itinanong kung handa na ang mga pagkaing ihahandog nila sa lamang-lupang naglalaro kay Maestrong Bino. Nabatid kong ang mga ipinahanda ni Medikong Ipe ay itong mga sumusunod: Piniritong manok na dumalaga; isang platong kanin; tatlong puso ng baka, at tatlong basong tubang kuha sa madaling araw.

Pumasok si Tinay na may dalang isang bilao na may lamang piniritong manok; tatlong pusong umuusok, at tatlong baso ng tuba. Iniabot ito kay Medikong Ipe. Ang bilao ay makapitong idinaan sa katawan ni Maestrong Bino. Pagkatapos, nanaog na bubulungbulong. Sumusunod sa kanya ang maraming taong nagkakagulo. Nabatid kong ang mga pagkaing iyon ay dadalhin sa lawa pagka't doon umano naninirahan ang lamang-lupang natutuwa kay Maestrong Bino.

NAIWAN AKO sa malalim na pagninilay-nilay. Tiningnan ko ang mukha ni Maestrong Bino. Ang katawan nitong hinukot ng maraming taon ay latag na latag sa papag; puting-puti ang buhok na nandadalang sa dakong tuktok; nanlalalim ang mga mata at yayat ang mga bisig at mga binti.

Marahang-marahang idinilat ni Maestrong Bino ang kanyang mga mata, nakikiramdam. Matagal na napako ang paningin sa aking mukha.

—Umalis na ba sila? —tanong sa akin sa mahinang tinig.

Tumanaw ako sa dakong pintuan. Yumuko ako at ang bulong ko:

—Umalis na ho.

Naupo si Maestrong Bino sa papag at nagpalinga-linga. Nakahinga nang maluwag nang matuklasang wala nang katautao liban sa aming dalawa. Bumaling sa akin at ang nasisiyahang wika:

—Ngayo'y masasabi ko na sa iyo ang aking lihim...

Masusi kong tinitigan ang liwanag ng katotohanan ng kanyang sinabi.

—Ano pong lihim? —ang tanong kong patianod.

—Umiibig ako sa isang magandang dalaga, —walang kagatul-gatol ang tinig ni Maestrong Bino. —Noong una ay ikaw ang humihingi sa akin ng mga payo, ngayon naman ay ikaw ang hihingan ko.

—E, sino hu ba siya? —tanong ko.

Hindi inino ni Maestrong Bino ang aking tanong. Sa halip ay nagpatuloy siya sa kanyang pagsasalita. Matagal na raw siyang may kasintahan. Iyon ay mahal na mahal niya at siya naman ay mahal na mahal noon. Nang mabatid ng mga magulang ng dalagang iyon na nagkakaibigan sila ay tumutol kaya mahigit sa •tatlumpung taong naghintay siya. Noo'y walang naging libangan si Maestrong Bino kundi ang magturo at nitong humina ang kanyang katawan ay napaglibangan naman niya ang pagkukuwento ng ukol sa mga higante, mga kapre, mga asuwang, mga prinsesa at mga lamang-lupa.

Limang araw bago kami nakasal ni Anang ay muling nakipagkita sa kanya ang naglaho niyang kasintahan. Nabatid niyang ang mga magulang niyon ay tinawag na ng Bathala kaya malaya na naman sila. Kailangan daw sumama na si

**(Buklatin sa pahina 19)**

—○—

## Natutupad Kaya . . .

**(Karugtong ng nasa pahina 8)**

ang karaniwang walang gawain? Bakit sila ang may-ari ng mga malalawak na lupa at tayo ang nangungupahan sa kanila? Ito ba ang tinatawag na Pilipinas ukol sa mga Pilipino?

Mayron tayong bandila, nguni't nasaan ang mga bandilang iyan? Bakit bibihirang makita iyan ng mga Pilipino at sakaling makita man ay mabibilang ang mga naghahandog ng karampatang paggalang gayong ang pagsasagawa nito ay nangangahulugang paggalang sa atin bansa at sa ating lahi? Iyan ba ang sinasabing isang Watawat na sagisag ng kalayaan?

Tayo ay mga Pilipinong may ipinagmamalaking isang pambansang wika, ang wikang tagalog. Nguni't bakit sa maraming pagkakataon ay wikang hiram ang ginagamit? Sa araw na ito nang paggunita sa ating mga bayani ay masasaksihan na naman ang mga talumpating hindi nanggagaling sa puso sapagka't wikang hindi katutubo: kung hindi Ingles ay kastila.

Kailan pa kaya mahihinog ang mga simulaing pinaggugulan ng katakuttakot na hirap at pagpapakasakit ng ating mga bayaning nabuwal sa dilim ng gabi? Sana'y matupad ang pinagkamatayan ng mga sumama sa "Unang Sigaw sa Balintawak noong 1896", na Isang Bansa, Isang Watawat at Isang Wika.

## Nang Magdaan Ang Daluyong

**(Karugtong ng nasa pahina 7)**

namang nangakahimpil sa dating katayán ng hayop ng Quezon City sa malapit sa ilog Halang. Ang kanilang pinakapuno, kasama ang ilang kawal, ay nagsilibot sa mga kabukiran at ang nakitang tatlong mag-linang baka na ari ng mag-asawang Pablo Laktaw at Eustaquia Lopez, ang lalaki'y isa sa mga puno ng Samahan ng Magkakapit-bahay sa Pook na pinangunguluhan ko, ay kinuha nang walang sabi-sabi at ang may-aring babae ay sinaktan pa, na pinagsusuntok at pinagtatadyakan. Ipinakita pa sa akin ang mga pasa sa kanyang binti, na maliwanag ngang bakas ng tadyak ng isang nakasapatos. Ang pangyayaring ito'y ipinagbigay-alam ng nasaktan, sa aking payo, sa pangalawang


**LUMIPAD na kasama ng INYONG KAANAK...**



Sa pamamagitan ng Palatuntunan sa Pasahe ng Mag-anak ng

PAL






Samantalahin ang mababang halaga ng pasahe ukol sa mag-anak na nagkakabisa ngayon sa lahat ng paglipad sa kapuluan tuwing araw ng Martes, Miyerkoles at Huwebes.

Sa ilalim ng *Palatuntunan sa Pasahe ng Mag-anak* ng PAL, ang ulo ng pamilya ay nagbabayad ng karaniwang halaga... ang asawa at ang mga anak na wala pang 21 taong gulang ay tig-kalahati ng bayad ng matanda. Isang batang wala pang dalawang taong gulang at hindi gagamit ng luklukan ang makasasakay nang walang bayad.

Ang *Palatuntunan sa Pasahe ng Mag-anak* ay iiral hanggang ika-31 ng Oktubre.

*Magpalaan sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng PAL.*

**PHILIPPINE AIR LINES**

ROUTE OF THE Orient Star

# Sinasabi nila...

*tinipon ni Edvira*

Ang pinakamaligayang babae, katulad ng pinakamaligayang bansa, ay walang sinulat na kasaysayan. — **Seneca**

———oOo———

Paalam! Ang katagang itong nagmumunyi ng pagwawakas ng isang nabuong pagsasama, kahit sinaksihan ng pangako, paniniwala at pag-asa, kung namumutawi na sa mga labi ay naglalatag ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa. — **Byron**

———oOo———

Ang mga bulaklak ng inggit ay nahihiyang tumitig sa araw ng katotohanan, at namumuhi sa kataasang hindi maabot ng kanyang halimuyak — **Thompson**

———oOo———

Madalas kong pinagtatakhan kung paanong ang bawa't tao'y nagmamahal sa kanyang sarili nang higit sa kanino mang kinapal, nguni't nagtatakda ng maliit na pagpapahalaga sa pagpapalagay sa kanyang sarili kaysa ipinalalagay sa kanya ng iba. — **Marcus Antoninus**

———***———

Ang salapi at ang dila ay kapuwa makapangyarihan. Nakapag-uutos. Nguni't lalong makapangyarihan ang una kaysa sa huli — bagaman kapuwa makapagpapagalaw sa buong daigdig kung bibigyan ng pagkakataon. — **Shakespeare**

———***———

Ang magandang mukha ay namamalas sa tulong ng malamlam na sinag ng Buwan, kung bahagyang nakapikit ang mga mata at ang puso ay nangangarap sa kaligayahan. — **Bovee**

———***———

Ang tapat na kaibigan ay isang malakas at mapagtitiwalaang pananggol, at ang nakatagpo ng ganyan ay nakatuklas ng isang kayamanan — **Isang bantog na manunulat**

---

pinuno nitong Purok ng Balintawak, na dito sa S. Francisco nakatira, at ang tanging nagawa ng tinurang ginoo ay pagpaalalanan ang naghahabol, na may-ari, na umiiral ngayon ang lakas ng hukbo at ang kanyang batas, bagay na ikinawawalang matwid ng gayong mga paghahabol, sapagka't anoman ang ibig na kunin ngayon ng mga kawal sa mga mamamayan ay napapauwi at dapat na ituring na tulong sa kanila, na ganyan ngayon ang utos, na di-umano'y ipinabalita na sa lahat. Aywan ko kung may utos na ngang ganyan ngayon, nguni't ang totoo'y hindi nakasiyang-loob sa inagawan ng baka ang naging hatol at sa amin namang mga nakarinig ng sinabi ng tinurang pinuno, ay gumising ng pagkabakla ng kalooban, sapagka't tunay na nangangahulugang wala na palang maaasahan, sa lilim pa naman ng tinatawag na Republika. Ano nga palang pagkaningning ng "dangal" ng kasarinlang kaloob ng Hapon sa Pilipinas!

Ang mga huling balita ngayon tungkol sa kalagayan ng labanan sa hilaga ng Luson ay nagpapatotoong ito ay hindi naglilikat, na ang hukbong lumusob, sinasabi man ng mga hapon na kanilang napipigilan, ay patuloy sa pagdaluhong at ang isa niyang bahagi ay nakarating na sa Pozorrubio, isang bayan sa hilaga ng Pangasinan, pangyayaring maipag-aakala tuloy na marahil ay tangka ng mga amerikanong tunguhin ang Nueva Vizcaya upang harangin sa pagdaraanan ang mga kagamitan ng mga hukbong hapon na nanggagaling sa Kagayan at ang isa namang bahagi, na nahuli nang kaunti sa nakarating na sa Kamiling, ay dumating na sa Moncada na hindi na gaanong malayo sa pangulong-bayan ng lalawigang Tarlak. Pinatutunayan pa rin ng mga huling balita, na si Heneral MacArthur ay kasama na ngayon ng hukbong nakalusob at sa ilalim ng kanyang mataas na pamumuno, ang labanan ay umiigting araw-araw. Lubhang makahulugan, tungkol sa tunay na niloloob ng bayan, ang nangyari sa Lingayen; nangailangan ng 100 manggagawa ang hukbong amerikano at ang humarap na ibig magsigawa ay mahigit sa 1,000 katao. Kung itutulad ang pagkukusang-loob na ito ng mga pilipino sa amerikano, sa kanila namang pagtanggging gumawa sa hapon, pagtangging nakaakay tuloy sa kanilang humanap ng makakapalit sa sapilitang paggawa kahi't sa napakataas na upa maghapon; ang katotohanan ng sukdulan nang pagkasuklam ngayon ng mamamayan na makipaglapit at maglingkod sa hapon, ay maningning na pakikita kahi't sa isang "makapili" o "kalibapi" kaya, na may kulaba man sa mata.

Lalong bumangis sa araw na itong ika-19 ng Enero ang pagbabagsak ng mga bomba sa dakong S. Mateo ng Rizal. Tila may dinudurog doong tanggulan ng mga hapon o may pinasasabog naman kayang nagtitipong maraming kawal nila. Ang paghuhulog ng mga bomba ay halos maghapon ngayon tandang maliwanag na sa bayang iyong na sa kabundukan na, ay may malaking paghahandang ginawa ang mga hapon, bilang pag-aabang sa sukat bumabang mga kawal amerikano na lulan ng aeroplano. Sa nangyayaring labanan sa hilaga ng Luson ay gayon din halos ang mga balita, bagama't ang napabago ay ang sinasabing pagkalapit na sa Tariak, Tarlak, ng pangkat na pangunahin ng lumulusob na hukbo; humigit-kumulang na lamang sa 20 kilometro ang layo kahapon ng tinurang pangkat sa kabayanang tinutungo at kung hindi mahahadlangan, sa araw na ito marahil ay nagkaroon na ng malaking pagbabago sa labanan. Hangga ngayon at alinsunod sa mga pahiwatig ng radio sa California, ang hukbong nakaahon sa Lingayen na patungong Maynila ay hindi pa nakatatagpo ng totohanang paghadlang ng hukbong hapon, na dahil nga sa ganitong nangyayari ay hindi matiyak kung saan humanda sa pagharang. Ang mga hapon naman ay nagsasabi na hindi makapag-aakala ang amerikano na sila'y hindi mpapalaban; ang tatlong taong kanilang natawiran ng paya-payapa rito sa Pilipinas, ay nasamantala nila di-umano upang pagtibayin, sa ganitong mga salakay, ang buong Luson at sa himig ng pagsasabi'y tila may hinihintay lamang na pagkakataon upang ilantad ang kanyang inililihim na lakas hangga ngayon.

Saka na malalaman ang katotohanan ng ganito kung ang araw ay dumating, nguni't ang pamamansa ay sinasangkap na talaga sa mga digmaan at ang mga hapon ay higit sa lahat na palagamit ng ganitong paraan, kaya't sa sinasabi nila'y makapag-aalinlangan pati na ng lalong paniwaalin. Isang katotohanan ang nasasaksihan ngayon ng lahat: ang pananalig sa papawirin ng mga amerikano, mga aeroplano na lamang nila ang parating lumilipad na malalayang nakapagyayao't dito sa ibig parunan at saan man tumungo ang mga hapon ay nasusundan at napauulanan ng saganang punlo. Ang balitang dala sa pag-uwi kahapon lamang ng isang chaffeur na taga-rito sa S. Francisco na naglilingkod ngayon sa mga hapon dahil sa mahigpit na pangangailangan ng bigas nilang mag-anak; ay nagpapatotoo sa aking sinasabi. Ang pinatatakbo niyang truck ay nakarating hangga sa Nueva Vizcaya at sa pinagdaanan niya'y nakakita ng maraming patay na kawal ng hukbong hapon na halos mabulok na lamang pagka't hindi na mailibing; ang mga daan ay sirang-sira sa hulog ng bomba, ang hindi kakaunting mga truck ng hukbo ay sira-sirang nakabarandal sa mga tabing daan, na anopa't sa buong dinaanan niya'y nababakas ang pagpaparusang ginawa ng amerikano. At gayon na lamang, alinsunod sa kanya, ang pagkasindak ng mga kawal na hapon sa mga B-24, na hugong lamang nito ang marinig, anuman ang ginagawa at saan man naroon, ay nangagsisipagtago. Ang mga truck ngayong patungo sa hilaga ay sa gabi na pinalalakad, kung araw ay itinatago sa mga kakahuyan at gubat. Kanya rin namang naibalita na sa Kalumpit, Bulakan at S. Jose Nueva Ecija, ay wala nang tao; pinaalis ng hukbong hapon ang mga mamamayan.

Samantalang sinusulat ko ang bahaging ito ng aking mga tala, ay isang malaking sunog ang natatanaw sa dakong hilagang- pakanluran ng aking bahay. Maitim na usok ang pumapailanlang at hindi-sasalang ang sunog ay bunga ng paghuhulog ng mga bomba. Sa aking taya ang sunog na ito ay sa isang bayan ng Bulakan. Sa makatuwid ang labanan nga ay patuloy at wala namang puknat ang paghahawan sa pagdaraanan.

Ang tatlong bakang inagaw kahapon ng mga kawal na hapon sa mag-asawang Pablo Laktaw nitong aking Pook, ay napasauli. Namagitan ang tagapangasiwa ng Usungang-bayan dito sa S. Francisco na nagkataong kakilala pala ng pinakapuno ng mga hapong kumuha. Iminatwid ng mga hapong ito na di-umano'y minasama nila ang tila pagtatago ng may-ari sa kanyang mga baka, at kahi't ang gayon, katotohanan man sakali ay hindi dapat maging dahilan ng pananakit sa asawa ng may-ari, ito ay nagkunwang nasisiyahang-loob na rin. Natapos na ang salitaan, sa pagkakabalik ng mga baka at sa pagpapagaling ng kanyang mga pasa ng babaing nasaktan. Katakot-takot nga ang mga hapong ito, na pati sa pagkakamali ay nakaiiwan ng masasakit na bakas

**(ITUTULOY)**



Sa itaas ay isang marikit na tagpo ng pag-ibig sa "PROBINSIYANO" ng LVN na kasalukuyang isinasapelikula sa pamamahala ni Tony Arnaldo. Ang malagkit na putik sa bukid na nakakulapol sa kanilang katawan ay hindi alintana nina Jaime de la Rosa at Evelyn Villar at sila'y patuloy ding magkayakap na nagbubulungan ng matatamis na kataga ng pag-ibig.

Sa kanan ay tagpo naman sa "BASAG NA MANIKA" ng Royal Productions na pinamamahalaan ni Fernando Poe. Gumaganap ng pangunahing papel si Mila Ninfa, katulong sina Ben Perez, Amelia Saginsin at Sonia Reyes. Sa pelikulang ito'y inilalarawan ang mga hirap at sakit na dinanas ng isang dalagita dahil sa pagbibiro ng tadhana.






**PAHALANG**

1. Ulo ng tubo ng tubig
5. Kinasundo
13. Pangalan ng Artistang naging prinsesa
14. Paghalik sa kamay
15. Anak ni Zeus
16. Anyaya
17. Alejandro
18. Paiwang-sabi
19. Pinipigil para siyasatin
21. Uri ng daong noong mga ika-8-10 siglo
22. Bakas ng apoy
23. Ang sabi
25. Lortsang panlunsad ng kawal (pantitik sa ingles)
26. Katig
27. Pondo (huling pantig)
29. Suman sa dahon ng niyog
32. Tira ng ibinayad
36. Naging heneral ng hukbo
37. Ukit
38. Dahong panlinis
39. Antala
40. Lupain ng arabya
41. Sakay (huling pantig)
42. Bugbugin (unang pantig)
43. Pangunahing lutuing pilipino
44. Asin
46. Kalat (unang tatlong titik)
48. Magaang kilos (huling tatlong titik)
49. Paputukan (unang pantig)
51. Tahipan
53. Pagdaan sa pagitan (huling pantig)
56. Imasa
58. Kapital ng Yugoslabya
60. Pulutong
61. Simarong baka
62. Likidong magaan pa sa tubig
63. Pastang panlinis sa ngipin
64. Ang Diyos ng pagibig, ayon sa metolohiya ng griyego
65. Nakaraan
66. Tinakdaan
67. Pares na kasuutan

# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | R | I | P | O | ■ | K | I | N | A | T | I | P | A | N |
| R | I | T | A | ■ | M | A | N | O | ■ | A | P | O | L | O |
| A | L | O | K | ■ | A | N | D | O | ■ | B | I | L | I | N |
| S | E | N | I | S | I | T | A | ■ | V | I | K | I | N | G |
| A | B | O | ■ | A | N | A | N | G | ■ | L | S | T | ■ | ■ |
| ■ | ■ | ■ | P | R | O | ■ | G | A | K | ■ | I | B | O | S |
| S | U | K | L | I | ■ | S | ■ | L | I | M | ■ | U | K | A |
| I | S | I | S | ■ | B | A | L | A | M | ■ | I | R | A | K |
| L | A | N | ■ | G | U | L | ■ | W | ■ | A | D | O | B | O |
| A | L | A | T | ■ | S | A | B | ■ | G | L | A | ■ | ■ | ■ |
| ■ | ■ | T | U | R | ■ | B | I | L | A | O | ■ | S | O | T |
| I | L | A | M | A | S | ■ | B | E | L | G | R | A | D | O |
| K | A | W | A | N | ■ | T | O | R | O | ■ | E | T | E | R |
| I | P | A | N | A | ■ | E | R | O | S | ■ | N | O | O | N |
| T | I | N | A | S | A | H | A | N | ■ | T | E | R | N | O |

**PABABA**

1. Substansiya ng langis
2. Daang-bakal
3. Ihimig
4. Pangatnig sa magalang na utos
5. Awit
6. Bayan sa Kabite
7. Bahagi ng mukha
8. Matatas magsalita
9. Idabog
10. Makinarya ng komunista
11. Pananong ng bagay
12. Dala sa ulo (huling pantig)
14. Mapansin
20. Iba-iba
24. Kilos
26. Titik ng muhon
28. Tagapangulo ng pamahalaang Koreano
30. Kutkot
31. Supot ng asin
32. Sagpang
33. Dalit
34. Sugo
35. Darang
39. Sasakyang pangmadla
40. Pangalang babae
43. Liglig
45. Landas sa pagitan ng mga tanim
47. Dragong maraming ulo
48. Gasgas
50. Napagdaanan
52. Unang kataga ng isang katutubong kanta
53. Pangalang lalaki
54. Matandang dulaan sa Maynila
55. Makinang pamanday
56. Ligid
57. Panagdag na pantig
59. Palayaw ng babae
61. Pangalang intsik

TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | I | P | I | ■ | N | I | P | I | S | ■ | F | I | T | A |
| I | B | U | S | ■ | A | R | U | B | U | ■ | A | S | U | L |
| N | A | L | A | ■ | L | A | G | I | M | ■ | S | A | L | I |
| I | L | A | L | A | A | N | ■ | S | I | H | E | L | A | S |
| B | A | H | I | N | G | ■ | M | ■ | P | A | S | I | R | A |
| A | T | A | ■ | M | A | L | A | S | O | N | ■ | S | A | G |
| K | O | N | A | ■ | S | I | R | I | T | ■ | S | I | N | A |
| ■ | ■ | ■ | L | A | ■ | B | I | S | ■ | M | O | ■ | ■ | ■ |
| S | I | M | I | ■ | M | A | L | A | S | ■ | L | A | M | A |
| U | P | O | ■ | T | A | G | A | L | O | G | ■ | K | A | B |
| M | A | C | T | A | N | ■ | G | ■ | L | O | P | I | T | A |
| I | P | A | R | A | A | N | ■ | S | O | L | I | M | A | N |
| M | A | M | I | ■ | H | A | R | E | M | ■ | P | U | R | I |
| B | I | B | A | ■ | A | S | I | D | O | ■ | I | T | A | K |
| A | N | O | S | ■ | N | A | M | A | N | ■ | S | O | Y | O |


MAASAHANG LAGI...

modaling magsindi at ligtas sa panganib ang mga posporong

• RIZAL
• JAR
• LIWAYWAY
• SUNSET




Gawa ng mga Pilipino para sa mga Pilipino

PHILIPPINE MATCH CO., LTD.

PUNTA, STA. ANA, MAYNILA

Tel. 6-71-28 (Tanggapan ng Pagbibili)

Tel. 6-63-85 (Tanggapan ng Pagawaan)


## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Agosto 12

1. *Crisanta Ramos*—1261 Old Sta. Mesa, Maynila
2. *Nene Jimenez*—L.P.C.F., 630 Dimasalang, Pasay City
3. *Enrico S. Basa*—691 Simon, Sampalok, Maynila
4. *Celerina C. Flores*—30 Santol, Quezon City
5. *Gng. Eufracia C. Alvarez*—Indang, Kabite

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadalá ang lahat ng sagot, sa **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. Ang mga nagsipanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Ang Lihim . . .

(Karugtong ng nasa pahina 15)

Maestrong Bino sa kanyang kasintahan upang huwag na silang magkahiwalay pa.

—Iyan ngayon ang suliranin ko na hindi ko kayang lutasin, —ani Maestrong Bino. —Malimit tuloy akong makagawa ng mga bagay na hindi ko nais gawin, hanggang sa paratangan na nga akong napaglalaruan. Mamaya ay makikipagkita ako sa kanya... Sasamahan mo 'ko, ha?

Magtatanong sana ako ngunit narinig ko na ang mga tinig at mga yabag na papalapit ng mga taong dumarating. Dali-dali akong tumayo at tumanaw sa bukas na durungawan. Sa di kalayuan ay nakita ko ang maraming taong naglalakad. Nangunguna sa kanila si Medikong Ipe. Nagbalik ako kay Maestrong Bino at sinabi kong dumarating na sila. Kaagad namang nahiga nang tuwid na tuwid at nag-anyong himbing na himbing.

ISANG PALABANG BUWAN ang tumanglaw sa kalawakan; ang pinilakang liwanag niyon ay nasasala sa kukunday-kunday na mga dahon ng niyog, at mabining pumapasok sa bukas na durungawan. Nang gabing iyon ay ako lamang ang naiwang nagbabantay kay Maestrong Bino. Si Tinay ay humihilik na sa karatig-silid, samantalang kami naman ni Maestrong Bino ay matamang nagmamatyag.

Maingat kaming nanaog at hinay-hinay na binaybay ang landas na patungo sa kaitaasan. Nang malayu-layo na kami ay hindi nakapagpigil si Maestrong Bino sa pagtawa nang malakas.

—Akalain mo ba namang sabihin pa ni Medikong Ipe na ligtas na raw ako sa panganib? Huwag na raw akong bantayan pa? Hindi lamang niya nalalamang iyan nga ang nais ko —nang mapag-isa tayo, ano?

Ang tinutungo nami'y ang ulilang landas na nagwawakas sa lawa. Nang sumapit kami sa punong banaba, pinagsabihan ako ni Maestrong Bino na siya na lamang ang makikipagkita sa kanyang kasintahan. Naiwan akong titingin-tingin at unti-unting tinutubuan ng pagaalinlangan sa katinuan ni Maestrong Bino. Sa liwanag ng palabang buwan ay namalas kong si Maestrong Bino ay nagtungo sa dating paltok at nanatili siya roong nakatitig sa tubig. Pagkaraan nang mahigit sa dalawampung minuto ay nagbalik sa kinaroroonan ko.

—Kukunin daw niya ako bukas... bago magbukang-liwayway, —ang salubong sa akin. —Kung ikaw ang nasa katayuan ko, e ano ang iyong gagawin?

Kung talagang minamahal ninyo siya ay di sumama kayo... —naging payo ko.

NATUTUWANG NAHIGA si Maestrong Bino sa kanyang papag. Narinig ko pa ang kanyang ibinubulong: **Sasama ako sa iyo... Oo, sasama ako sa iyo.**

Nahiga naman ako sa di kalayuan nguni't hindi ako dalawin ng antok. Maraming katanungang nagsasalimbayan sa aking isipan na hindi ko kayang sagutin... hanggang sa makalimot ako. Nagising na lamang ako nang sunud-sunod nang niyuyugyog at ginigising ng isang tinig-babae. Ang namulatan ko'y si Tinay na umiiyak.

—'Ala na! Patay na ang tatang... Patay na siya!

—**Imposible!** —ang tutol ko. **—Kagabi lamang ay kasama ko siyang nagtungo sa lawa.** Iyan sana ang talagang idurugtong ko, nguni't hindi na ako nagsalita at sa halip ay nagtungo ako sa papág na kinaroroonan ni Maestrong Bino. Sa tulong ng liwanag ng ilawang nakasabit sa gitna ng kabahayan ay naaninag ko pa ang masayang ngiting naiwan sa isang sulok ng bibig ni Maestrong Bino. Napatingin ako sa malayo, sa dakong kinaroroonan ng lawa, at nagbalik sa aking pandinig ang sinabi ni Maestrong Bino:

**Kukunin daw niya ako... bago magbukang-liwayway.** (X)


ANG SERBESA San Miguel AY KASIYASIYA!

Sa inyong mga pagkain... maging sa tahanan o sa inyong kinagigiliwang restaurant... tiyaking isama ang SAN MIGUEL PALE PILSEN... *ito'y tunay na nauukol.*



San Miguel Pale Pilsen

*FULLY AGED... TRULY GREAT!*

*Ang anim-na-pu't-isang taong karanasan sa paggawa ng alak ay siyang panagot sa di mapapantayang uri ng tunay na dakilang serbesang ito!*

GINAWA AT ISINABOTELYA NG San Miguel Brewery




Pakinggan ang sumusunod na mga palatuntunan tuwing Miyerkoles sa DZPI: "Remote control broadcast" ng Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran mula sa ika-6:00 hanggang ika-6:30 N.G. at ika-7:00 hanggang ika-7:30 N.G. at "Buhay Ng Mga Poon" mula sa ika-6:30 hanggang ika-7:00 N.G.